
ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA
CRYSTAL METH
at Methamphetamine
Ice
Tina
Chrissy
Speed
Tweak
Meth
Glass
drugfreeworld.ph



# BAKIT GINAWA ANG BOOKLET NA ITO

Maraming usap-usapan tungkol sa mga droga sa mundo—sa mga lansangan, sa eskuwelahan, sa Internet at sa TV. Ang ilan sa mga ito ay totoo, ang ilan ay hindi.

Sa katunayan, marami sa mga naririnig ninyo tungkol sa mga droga ay nanggagaling sa mga nagbebenta ng mga ito. Umamin ang mga nagbagong-buhay na nagbebenta ng droga na sasabihin nila ang kahit na ano para mapabili ang ibang tao ng ng droga.

Huwag magpapaloko. Kailangan mo ng mga katotohanan para makaiwas na malulong sa mga droga at matulungan ang iyong mga kaibigang lumayo sa mga ito. Iyon ang dahilan kung bakit namin inihanda ang booklet na ito—para sa iyo.

Mahalaga ang inyong opinyon sa amin, kaya umaasa kaming makarinig mula sa inyo. Maaari ninyo kaming bisitahin sa **drugfreeworld.ph** at i-e-mail kami sa **info@drugfreeworld.ph.**

# Ano ang Crystal Meth?

Ang Crystal meth ay ang maikling tawag para sa crystal methamphetamine. Isa lamang ito sa mga anyo ng drogang methamphetamine.

Ang methamphetamine ay isang puting mala-kristal na drogang ginagamit ng mga tao sa pamamagitan ng pagsinghot dito, paghithit dito o pagtuturok dito gamit ang karayom. Iniinom pa ito ng iba, ngunit ang lahat ay nagkakaroon ng matinding pagnanasang ituloy ang paggamit nito dahil lumilikha ang droga ng hindi tunay na pakiramdam ng kaligayahan at kabutihan—isang bugso ng tiwala sa sarili, sobrang pagkamalikot at enerhiya. Nakararanas din ng huminang gana sa pagkain. Sa pangkalahatan, ang mga epekto ng drogang ito ay tumatagal mula anim hanggang walong oras, ngunit maaari rin itong tumagal nang 24 oras.

Ang unang karanasan ay maaaring kabilangan ng kasiyahan, ngunit sa simula pa lamang, sinisimulang wasakin ng methamphetamine ang buhay ng gumagamit nito.



# Ano ang Methamphetamine?

Ang methamphetamine ay isang ilegal na drogang nasa katulad na klase ng cocaine at mga iba pang matatapang na mga droga sa kalye. Marami itong palayaw—meth, crank, chalk o speed ang pinakakaraniwang mga tawag.

(Tingnan ang pahina 7 para sa listahan ng mga sikat na tawag.)

Ang crystal meth ay ginagamit ng mga indibidwal sa iba't ibang edad, ngunit karaniwang ginagamit ito bilang isang "club drug," ginagamit habang nagpa-party sa mga night club o sa mga rave party. *Ang karaniwang sikat na tawag dito ay ice o glass.*



Ito ay isang mapanganib at malakas na kemikal, at tulad ng lahat ng droga, isang lason na nagsisilbing stimulant (pampasigla) sa una ngunit pagkatapos ay sisirain nang buo

ang katawan.  Kaya iniuugnay ito sa malalalang pangkalusugang kondisyon, kabilang na ang pagkawala ng alaala, pananakit, baliw na pagkilos at potensiyal na pinsala sa puso at utak.


Sobrang nakaka-adik, sinusunog ng meth ang enerhiya ng katawan, lumilikha ng nakasisirang pag-asa sa droga na maaari lamang maibsan sa pamamagitan ng paggamit pa ng mas maraming droga.

Talagang napakatindi ng epekto ng crystal meth, at marami sa mga gumagamit ang nagsasabing nahu-hook (naa-adik) sila rito mula sa unang beses nila itong gamitin.
"Sinubukan ko ito minsan at BOOM!  Naadik ako," sabi ng isang adik sa meth na nawalan ng pamilya, mga kaibigan, ng propesyon bilang isang musikero at nawalan ng tahanan.

Kaya, sa mga adiksyon sa droga, isa ito sa pinakamahirap gamutin at marami ang namamatay sa kapit nito.



**Isang gumagamit ng Meth noong 2002**




**. . . at 2 1/2 taon ang makalipas**

**Nagsimula akong gumamit ng crystal meth noong nasa huling taon ako sa mataas na paaralan.  Bago matapos ang una kong semestre sa kolehiyo, naging napakalaking problema ng meth na kinailangan kong mag-drop out. Mukha akong may bulutong, mula sa mga oras na pagtitig sa sarili ko sa salamin at pagkutkot sa mukha ko. Ginugol ko ang buong panahon ko sa paggamit ng meth, o sa pagsubok na makuha ito."**

**— Anne Marie**

# Ano ang hitsura ng Methamphetamine?



Ang methamphetamine ay karaniwang nasa anyo ng kristal na puting pulbos na walang amoy, mapait at madaling matunaw sa tubig o alkohol. Mayroon ding ibang kulay ng pulbos, kabilang na ang kulay tsokolate, mala-dilaw na abong kulay, kahel, at kulay rosas pa. Maaari rin itong masiksik para maging pildoras. Tulad ng natalakay noong una, maaari itong singhutin, hithitin o mai-inheksyon. Ang crystal meth ay nasa anyong malinaw na mala-tipak na mga kristal na mukhang yelo at kadalasang hinihithit.



# MGA SIKAT NA TAWAG PARA SA METHAMPHETAMINE

Maraming tawag sa methamphetamine (meth) at crystal methamphetamine:

## METH

- Beannies
- Brown
- Chalk
- Crank
- Chicken feed
- Cinnamon
- Crink
- Crypto
- Fast
- Getgo
- Methlies Quik
- Mexican crack
- Pervitin (Czech Republic)
- Redneck cocaine
- Speed
- Tick tick
- Tweak
- Wash
- Yaba (Southeast Asia)
- Yellow powder

## CRYSTAL METH

- Batu
- Blade
- Cristy
- Crystal
- Crystal glass
- Glass
- Hot ice
- Ice
- Quartz
- Shabu
- Shards
- Stove top
- Tina
- Ventana

# Saan Gawa ang Meth?

Ang methamphetamine ay isang sintetikong (gawa ng tao) kemikal, di tulad ng cocaine, halimbawa, na galing sa isang halaman.

Ang meth ay karaniwang ginagawa sa ilegal at nakatagong mga laboratoryo, pinaghahalo ang iba't ibang mga porma ng amphetamine (ibang pampasiglang droga) o mga bagay na gawa mula rito sa ibang kemikal para palakasin ang ito. Ang mga karaniwang tableta para sa gamot ng sipon ay kalimitang ginanagamit bilang basehan para sa paggawa ng droga. Ang "taga-luto" ng meth ay kumukuha ng sangkap mula sa mga tabletang iyon at para mapalakas ito ay ihahalo ang substansya sa mga kemikal tulad ng asido ng baterya, panlinis sa mga alulod, likidong panggatong sa mga lampara at antifreeze (substansyang pumipigil sa pagyeyelo).

Ang mapapanganib na kimikal na mga ito ay potensiyal na sumabog at dahil ang mga tagaluto ng meth ay mga gumagamit ng droga mismo, madalas silang nasusunog nang malala at nasisiraan ng pigura o namamatay kapag sumasabog ang kanilang ginagawa. Ang mga ganitong aksidente ay naglalagay sa panganib sa ibang malalapit na mga tahanan at mga tanggapan.

Lumilikha rin ng maraming nakalalasong dumi ang ilegal na mga laboratoryo—ang paggawa ng isang libra ng methamphetamine ay lumilikha ng limang libra ng dumi. Ang mga taong nalalantad sa duming ito ay maaaring malason at magkasakit.

Ang perang galing sa kawanggawa ay hindi sapat para matustusan ang aming bisyo sa meth at masuportahan ang aming anak kaya ginawa naming laboratoryo ng meth ang inuupahan naming tahanan.  Iniimbak namin ang nakalalasong mga kemikal sa aming refrigerator, hindi namamalayang makapanghihimasok ang mga lason sa ibang pagkain sa icebox.

“Noong binigyan ko ang tatlong taong gulang na anak ko ng keso para kainin, hindi ko alam na binibigyan ko siya ng nalasong pagkain.  Batung-bato ako sa meth para mapansin, hanggang makalipas ang 12 oras, na halos patay na sa sakit ang anak kong lalaki.  Ngunit dahil batung-bato ako, inabot ako ng dalawang oras para maisip kung paano ko siya madadala sa ospital na limang milya ang layo mula sa bahay. Noong marating namin ang emergency room, ipinahayag na namatay ang anak ko dahil sa nakamamatay na dosis ng ammonia hydroxide—isa sa mga kemikal na ginagamit para makagawa ng meth.” — Melanie



**Isang laboratoryo ng crystal meth**

# Isang Pandaigdigang Epidemiya ng Adiksiyon

Tinataya ng United Nations Office on Drugs and Crime (Tanggapan para sa Droga at Krimen ng Nagkakaisang Mga Bansa) na ang pandaigdigang produksiyon ng amphetamine-type stimulants (mga tipo ng mga amphetamine na pampasigla), na kinabibilangan ng methamphetamine, ay halos 500 metro tonelada kada taon, na may 24.7 milyong umaabuso sa drogang ito.

Iniulat ng pamahalaan ng Estados Unidos noong 2008 na halos 13 milyong taong higit sa edad na 12 taon ang gumamit ng methamphetamine— at 529,000 sa mga ito ay regular na gumagamit.


Noong 2007, 4.5% ng mga Amerikanong nasa huling taon ng mataas na paaralan at 4.1% ng mga mag-aaral sa ika-sampung baitang ay naiulat na gumagamit ng methamphetamine kahit minsan lamang sa kanilang buhay.

Sa Estados Unidos, ang porsiyento ng mga tinatanggap sa pagpapapagamot dahil sa pang-aabuso sa methamphetamine at amphetamine ay tumaas nang tatlong beses mula sa 3% noong 1996 hanggang 9% noong 2006. Ang ilang estado ay may mas mataas na porsiyento, tulad ng Hawaii, kung saan 48.2% ng mga taong humihingi ng tulong dahil sa pang-aabuso sa droga at alkohol noong 2007 ay mga gumagamit rin ng methamphetamine.

Isa itong drogang malawakang inaabuso sa Republika ng Czech. Doon ay tinatawag itong

Pervitin at ginagawa ito sa maliliit at tagong mga laboratoryo at mangilan-ngilang bilang ng mas malalaking laboratoryo. Sa pangunahin, ang pagkonsumo rito ay lokal ngunit ang Pervitin ay iniluluwas din sa ibang bahagi ng Europa at Canada. Ang Republika ng Czech, Sweden, Finland, Slovakia at Latvia ay nagbalitang ang mga amphetamine at methamphetamine ay sumasakop sa pagitan ng 20% at 60% ng mga taong humihingi ng tulong na magamot sa pag-abuso sa droga.

Sa Timog-Silangang Asya, ang pinakakaraniwang anyo ng methamphetamine ay isang maliit na pildoras—tinatawag na Yaba sa Thailand at Shabu sa Pilipinas.




**Ang nakalalasong mga sangkap ng meth ay humahantong sa matinding pagkabulok ng ngipin na kilala bilang "meth mouth." Ang mga ngipin ay nagiging maitim, mantsado at nabubulok, kalimitan hanggang sa puntong kailangang silang bunutin. Ang mga ngipin at gilagid ay nasisira mula sa loob, at ang mga ugat ay nabubulok.**

# Ang Nakamamatay na Mga Epekto ng Meth

## Ang panandalian at pangmatagalang epekto sa indibidwal

Kapag ginamit ito, ang meth at crystal meth ay lumilikha ng isang hindi tunay na pakiramdam ng kabutihan at enerhiya, at kaya magpupumilit ang isang tao na itulak ang kanyang sarili nang mas mabilis at mas higit pa kaysa sa kaya nito. Sa gayon, maaaring makaranas ang mga gumagamit ng matinding "pagbagsak" o pisikal at mental na pagkasira pagkatapos humupa ang mga epekto ng droga.

Dahil ang patuloy na paggamit ng droga ay nakapagpapababa ng natural na pakiramdam ng gutom, maaaring makaranas ang mga gumagamit ng sobrang pagbaba ng timbang. Ang negatibong mga epekto ay maaaring kinabibilangan ng balisang mga pagtulog, sobrang kalikutan, pagkaduwal, delusyon sa kapangyarihan, napatinding pagka-agresibo at pagiging iritable.



1979 → 1989   1991 → 2001   1998 → 2004

**Ang nakadidiring hitsura ng crystal meth ay nakikita sa mga napilatan at biglang tumandang mga mukha ng mga taong umaabuso rito.**

Ang ibang seryosong mga epekto ay maaaring kinabibilangan ng hindi pagkatulog, kalituhan, mga guni-guni, pagkabalisa at paranoia.* Sa ibang kaso, ang paggamit ay maaaring magdulot ng mga kombulsiyong maaaring humantong sa kamatayan.

## Pangmatagalang Pagkasira

Sa katagalan, ang paggamit ng meth ay maaaring maging sanhi ng pagkasirang hindi na maaaring maayos: napinsalang mga daluyan ng dugo sa utak na maaaring magdulot ng mga stroke, o iregular na pagpintig ng puso na maaari namang magdulot ng cardiovascular† na pagkasira o kamatayan; at pinsala sa atay, bato at baga.

Ang mga gumagamit ay maaaring dumanas ng pinsala sa utak, kabilang na ang paghina ng memorya at paglalang kawalan ng kakayahang makaintindi ng abstract (batay sa teorya) na mga kaisipan. Ang mga gumagaling ay kalimitang nagkakaroon ng mga pagkablangko sa mga bahagi ng alaala at sobrang pag-iba-iba ng pag-uugali.

* paranoia: pagdududa, kawalan ng tiwala o takot sa ibang tao.

† cardiovascular: may kinalaman sa puso at mga daluyan ng dugo.

‡ sakit na Alzheimer: isang sakit na nakaaapekto sa ilang matatanda na sinasamahan ng pagkawala ng memorya.

# Panganib ng Meth

## PANANDALIANG MGA EPEKTO

- **Kawalan ng gana sa pagkain**
- **Napabilis na tibok ng puso, napataas na presyon ng dugo, napataas na temperatura ng katawan**
- **Paglaki ng mga balintataw**
- **Putul-putol at magulong pagtulog**
- **Pagkaduwal**
- **Kakaiba, pabugsu-bugso at minsan ay marahas na pag-uugali**
- **Mga guni-guni, sobrang hindi mapakali at pagka-iritable**
- **Hindi mapakali at psychosis**
- **Mga kombulsyon, mga seizure at biglaang kamatayan mula sa matataas na dosis**

## PANGMATAGALANG MGA EPEKTO

- **Permanenteng pinsala sa mga daluyan ng dugo ng puso at utak, mataas na presyon ng dugo na humahantong sa mga atake ng puso, mga stroke at kamatayan**
- **Pinsala sa atay, bato at baga**
- **Pagkasira ng mga himaymay sa loob ng ilong kapag singhot**
- **Mga problema sa baga (paghinga) kapag hinitit**
- **Nakahahawang mga sakit at mga nana kapag itinuturok**
- **Malnutrisyon, pagbawas ng timbang**
- **Matinding pagkabulok ng ngipin**
- **Kawalan ng oryentasyon, apatiya, litong kapaguran**
- **Malakas na mental na pagdepende sa iba**
- **Kabaliwan Matinding kalungkutan**
- **Pinsala sa utak tulad ng sa sakit na Alzheimer,‡ stroke at epilepsy**

# Paano Naaapektuhan ng Methamphetamine ang Buhay ng mga Tao

Kapag gumamit ng methamphetamine ang mga tao, kinokontrol nito ang kanilang mga buhay sa iba't ibang antas. May tatlong kategorya ng pag-abuso.

**MABABANG ANTAS NA PAG-ABUSO SA METH:**
Ang mga umaabuso ng meth sa mababang antas ay lumulunok o sumisinghot ng methamphetamine. Gusto nila ang dagdag na pampasigla na ibinibigay ng methamphetamine para manatili silang gising nang sapat na matagal para matapos ang isang gawain o trabaho, o gusto nila ang epektong pumipigil sa gana sa pagkain para makapagbawas ng timbang. Isang hakbang lamang ang layo nila mula sa pagiging walang kontrol na mga nang-aabuso.

**WALANG KONTROL NA PAG-ABUSO SA METH:**
Ang walang kontrol na mga nang-aabuso ay hinihithit o iniinheksyon ang methamphetamine gamit ang isang karayom. Binibigyan sila nito ng mas matinding dosis ng droga at nakararanas ng "rush" na sikolohikal na mas nakaka-adik. Nasa bingit sila ng pagpunta sa matinding pang-aabuso.

**MATINDING PANG-AABUSO SA METH:**
Ang matitinding umaabuso ay ang mga adik, kalimitang tinatawag na mga "speed freak." Ang buong buhay nila ay nakatuon sa pagpigil sa pagbagsak, ang masakit na pagbaba pagkatapos ng pagka-high sa droga. Para maabot ang inaasam na "rush" mula sa droga, kailangan nilang gumamit ng mas marami pa nito. Ngunit tulad ng iba pang mga droga, bawat kasunod na high sa meth ay mas mababa kaysa sa nauna dito, nag-uudyok sa isang adik sa meth patungo sa isang madilim at nakamamatay na pagbulusok sa adiksyon.



# Ang Mga Yugto ng Meth "Experience"

**1 Ang Rush**— Ang rush ay ang pangunahing reaksiyong nararamdaman ng isang nang-aabuso kapag humithit o nagturok ng methamphetamine. Habang nasa rush, ang pintig ng puso ay dumadagundong at ang metabolism,* presyon ng dugo at pulso ng nang-aabuso ay pumapaimbulog. Di tulad ng rush na nauugnay sa crack cocaine, na tumatagal ng halos dalawa hanggang limang minuto, ang methamphetamine rush ay maaaring magpatuloy hanggang 30 minuto.

**2 Ang High**—Ang rush ay sinusundan ng isang "high", minsan ay tinatawag na "the shoulder." Habang "high", kalimitang pakiramdam ng nang-aabuso na siya ay mapusok na mas marunong at nagiging mapagtalo, kalimitang sumasabat sa pag-uusap ng ibang tao at tinatapos ang kanilang mga pangungusap. Ang mga delusyonal epekto nito ay maaaring magdulot sa isang gumagamit na maging sobrang nakatutok sa isang bagay na walang halaga, tulad nang paulit-ulit na paglilinis sa parehong bintana sa loob ng ilang oras. Ang "high" ay maaaring tumagal ng 4-16 oras.

* metabolism: ang mga proseso sa katawan na nagbabago sa pagkain para maging enerhiya.

**3 Ang "Binge"**—Ang "binge" ay ang hindi kontroladong paggamit ng isang droga o alkohol. Tumutukoy ito sa matinding pagnanais ng umaabusong panatilihin ang "high" sa pamamagitan ng paghithit o pagtuturok ng mas maraming methamphetamine. Ang "binge" ay maaaring tumagal ng mula 3-15 araw. Habang nasa "binge", ang nang-aabuso ay nagiging sobrang hindi mapakali parehong sa isipan at sa katawan. Bawat beses na humihithit o nagtuturok nang mas marami pa ang nang-aabuso, nakararanas siya ng iba ngunit mas mababang "rush" hanggang sa paglaon ay wala nang "rush" at walang "high".

**4 Tweaking**—Ang isang nang-aabuso ng methamphetamine ay pinakamapanganib kapag nakararanas ng isang yugto ng adiksyong tinatawag na "tweaking"—isang kondisyong nararating sa dulo ng isang "drug binge" kung saan ang methamphetamine ay hindi na nagbibigay ng "rush" o "high". Hindi mapawi ang nakatatakot na mga pakiramdam ng kawalan at matinding pagnanais, ang isang nang-aabuso ay nawawalan ng diwa ng kanyang pagkakakilanlan. Ang matinding pangangati ay karaniwan at ang gumagamit ay maaaring makumbinsi na may mga insektong gumagapang sa ilalim ng kanyang balat. Hindi makatulog sa loob ng maraming araw, ang nang-aabuso ay kalimitang nasa isang estado ng ganap na pagkabaliw at siya ay nabubuhay sa kanyang sariling mundo, nakakikita at nakaririnig ng mga bagay-bagay na hindi maintindihan ng kahit sino. Ang kanyang mga guni-guni ay napakalinaw na para silang totoo at, hindi konektado sa katotohanan, maaari siyang maging mabangis at mapanganib sa kanyang sarili at sa ibang tao. Mataas ang potensyal sa pananakit sa sarili.

**5 Ang Crash**—Para sa umaabusong nagbi-binge, nangyayari ang crash kapag tumitigil sa paggana ang katawan, hindi makaagapay sa mga epekto ng drogang sumasakop dito; nagreresulta ito sa isang mahabang panahon ng pagtulog para sa taong iyon. Kahit na ang pinakamasama, pinakamalupit na nang-aabuso ay nagiging halos walang buhay habang nasa yugto ng crash. Ang crash ay maaaring tumagal mula isa hanggang tatlong araw.

**6 Meth Hangover**—Pagkatapos ng crash, bumabalik ang nang-aabuso sa isang bumabang estado, gutom, tuyot at pagud na pagod sa pisikal, pangkaisipan at emosyonal na paraan. Ang bahaging ito ay karaniwang tumatagal mula 2 hanggang 14 araw. Ito ay humahantong sa sapilitang adiksyon, dahil ang "solusyon" sa ganitong mga pakiramdam ay ang paggamit ng mas maraming meth.

**7 Ang Withdrawal**—Kalimitan 30 hanggang 90 araw ang maaaring lumipas pagkatapos ng huling paggamit ng droga bago matanto ng nang-aabuso na siya ay nasa withdrawal. Una, nagiging napakalungkot niya, nawawalan siya ng enerhiya at ang kakayahang makaranas ng kaligayahan. Pagkatapos ay papalo ang matinding paghahanap para sa methamphetamine, at madalas na ang nang-aabuso ay kalimitang gustong magpatiwakal. Dahil ang meth withdrawal ay napakasakit at mahirap, karamihan sa mga nang-aabuso ay bumabalik sa bisyo; kaya, 93% ng mga nasa tradisyonal na paggagamot ay nagbabalik sa pang-aabuso ng methamphetamine.





# Kasaysayan ng Methamphetamine

Ang methamphetamine ay hindi isang bagong droga, kahit na naging mas makapangyarihan ito sa kamakailang mga taon dahil umunlad ang mga teknik sa paggawa nito.

Unang ginagawa ang amphetamine noong 1887 sa Alemanya at ang methamphetamine, mas malakas at mas madaling gawin, ay pinagbuti sa Japan noong 1919. Ang mala-kristal na pulbos ay natutunaw sa tubig, ginagawa itong isang perpekto para sa pag-iiniksyon.

Nauwi sa malawakang paggamit ang methamphetamine noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, kung saan ginagamit ito ng magkabilang panig para panatilihing gising ang mga tropa. Matataas na dosis ang ibinigay sa mga pilotong Hapones na nag-Kamikaze bago nila isagawa ang kanilang mga misyon ng pagpapatiwakal. At pagkatapos ng digmaan, ang pang-aabuso sa methamphetamine sa pamamagitan ng pagturok ay naging mala-epidemya kung saan ang mga gamit na iniimbak para sa militar na paggamit ay naging madaling makuha ng mga Hapones na publiko.

Noong mga 1950, inireseta ang methamphetamine bilang isang pantulong sa pagdidiyeta at para malabanan ang matinding kalungkutan. Madaling makuha, ginamit ito bilang isang di-medikal na pampasigla ng mga estudyante sa kolehiyo, mga drayber ng trak at mga atleta at ang pag-abuso sa droga ay kumalat.

Ang kagawiang ito ay nagbago nang malaki noong mga 1960s kasabay ng pagdali ng pagkuha sa itinuturok na methamphetamine, na nagpalala sa

pang-aabuso. Kaya, noong 1970, ginawa ng pamahalaan ng Estados Unidos itong ilegal para sa karamihan ng paggamit. Pagkatapos noon, kinontrol ng mga Amerkianong gang na nagmo-motorsiklo ang karamihan ng paggawa at distribusyon ng droga. Karamihan ng mga gumagamit noong panahong iyon ay nakatira sa mga rural na komunidad at hindi kaya ang mas mahal na cocaine.

Noong mga 1990, nagtayo ng malalaking laboratoryo ang mga Mehikanong organisasyong nangangalakal ng droga. Habang ang malalaking laboratoryong ito ay kayang gumawa ng 50 libra ng droga sa isang katapusan lang ng isang linggo, ang mas maliliit na laboratoryo ay nagsulputan sa mga kusina at mga apartment, kung saan nakuha ng droga ang isa sa mga pangalan nito, na ang "stovetop." Mula roon ito ay kumalat ito sa buong Estados Unidos at sa Europa, hanggang sa Republika ng Czech. Ngayon, karamihan sa drogang makukuha sa Asya ay ginagawa sa Thailand, Myanmar at Tsina.



**Ang mga pilotong nag-Kamikaze ay binigyan ng methamphetamine bago nila isagawa ang kanilang mga misyong pagpapatiwakal.**

# Ang Katotohanan Tungkol sa Mga Droga

Ang mga droga ay mga lason. Ang dami na ginamit ang makatitiyak sa resulta.

Ang kaunti ay nagsisilbing pampasigla (nagpapabilis sa iyo). Ang mas marami ay nagsisilbing sedatibo (pinababagal ka). Ang mas marami pa ay nakalalason at maaaring makamatay.


Ito ay totoo sa kahit anumang droga. Tanging ang daming kinakailangan para makamit ang epekto ang naiiba.

Ngunit maraming droga ang may ibang panganib: ang mga ito ay direktang nakaaapekto sa isipan. Maaaring pasamain ng mga ito ang pag-unawa ng gumagamit sa nangyayari sa kanyang paligid. Bilang resulta, ang mga kilos ng taong iyon ay maaaring maging kakaiba, hindi makatwiran, hindi naaangkop at maaari pang mapanira.

Hinaharangan ng mga droga ang lahat ng mga pandama, ang mga kanais-nais ay pinapalitan ng mga hindi kanais-nais. Kaya, habang nagdudulot ng panandaliang tulong sa pagpapaginhawa ng sakit, tinatanggal din ng mga ito ang kakayahan at kalistuhan at pinalalabo ang pag-iisip.

Ang mga medisina ay mga drogang inilayon para mapabilis o mapabagal o mabago ang isang bagay tungkol sa paano gumagana ang iyong katawan, para subukang mapahusay ang paggana nito. Minsan ay kinakailangan ang mga ito. Ngunit ang mga ito ay mga droga pa rin: kumikilos ang mga ito bilang mga pampasigla o mga sedatibo, at ang sobra ay makamamatay sa iyo. Kaya't kapag hindi mo gagamitin ang mga medisina tulad ng kung papaano dapat gamitin ang mga ito, maaaring maging kasing-panganib ng ilegal na mga droga ang mga ito.

Ang tunay na kasagutan ay ang alamin ang mga katotohanan at hindi gumamit ng mga droga sa simula pa lamang.



# BAKIT GUMAGAMIT NG DROGA ANG MGA TAO?

Gumagamit ng droga ang mga tao dahil may gusto silang baguhin sa buhay nila.

Heto ang ilan sa mga dahilan sa paggamit ng mga droga na ibinigay ng mga kabataan:

- Para makibagay
- Para “makatakas” o makapag-relaks
- Para mapawi ang pagkabagot
- Para maging parang matanda
- Para magrebelde
- Para mag-eksperimento

Akala nila na ang mga droga ay solusyon. Ngunit kalaunan, ang mga droga ang nagiging problema.

Mahirap mang harapin ang mga problema, ang mga kalalabasan ng paggamit ng droga ay palaging mas malala kaysa sa problemang sinusubukang lutasin sa paggamit ng mga ito. Ang tunay na kasagutan ay ang alamin ang mga katotohanan at hindi gumamit ng mga droga sa simula pa lamang.



## MGA SANGGUNIAN


European Monitoring Centre for Drugs and Drug Addiction, Statistical Bulletin 2008

Interpol report on Methamphetamine, 27 September 2005

"Methamphetamine Facts & Figures," Office of National Drug Control Policy, 2008

Narconon International information on methamphetamine, www.narconon.org

Newsweek, "The Meth Epidemic: Inside America's New Drug Crisis," 8 August 2005

State of Hawaii, Office of Lt. Governor news release, 31 October 2007

"County knocks meth use," 9 July 2008, SignonSanDiego.com

Substance Abuse and Mental Health Services Administration news release, 15 February 2008

United Nations Office of Drugs and Crime report on Methamphetamine, 1998

Youth Risk Behavior Surveillance System 2007 study, Centers for Disease Control and Prevention

U.S. Drug Enforcement Administration report on Methamphetamine, October 2005

U.S. National Institute on Drug Abuse report on Methamphetamine, May 2005

United Nations Office on Drugs and Crime World Drug Report 2008

"National Methamphetamine Threat Assessment 2008," National Drug Intelligence Center, U.S. Department of Justice



PHOTO CREDITS:
Page 2: Corbis; Page 3: istock.com/Lou Oats; Page 5: Faces of Meth; Page 6: DEA/bottom right: crystal meth; Page 12: Courtesy Attorney General's Office, Taswell County, Illinois/right: meth user 1998-2004.


Milyong mga kopya ng mga booklet na tulad nito na mababasa sa 22 wika ay ipinamahagi sa mga tao sa buong mundo. Sa pagsulpot ng bagong mga droga sa mga kalsada at mas maraming impormasyon tungkol sa kanilang mga epekto ang nalalaman, dinaragdagan ng impormasyon ang mga booklet na nagawa na at lumilikha rin ng mga bagong booklet.

Ang mga booklet na ito ay inilalathala ng Foundation for a Drug-Free World, isang hindi kumikitang organisasyon na nakalaan para sa pampublikong benepisyo na nakasentro sa Los Angeles, California.

Ang Foundation ay nagbibigay ng pang-edukasyong materyales, payo at koordinasyon para sa pandaigdigang network nito para sa pag-agap sa paggamit ng droga. Nakikipagtulungan ito sa mga kabataan, mga magulang, mga tagapagturo, mga organisasyon ng mga boluntaryong manggagawa at mga ahenteng pang-gobyerno—sinumang may interes sa pagtulong sa mga taong mabuhay nang malaya mula sa pang-aabuso sa droga.

# MGA KATOTOHANANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Ang booklet na ito ay isa sa mga serye ng publikasyong tumatalakay sa mga katotohanan tungkol sa marijuana, alcohol, Ecstasy, cocaine, crack cocaine, crystal meth at methamphetamine, mga de-langhap, heroin, LSD at pang-aabuso sa mga inireresetang droga. Taglay ang impormasyong ito, maaaring makagawa ang mambabasa ng desisyong mabuhay nang malaya sa droga.

**Para sa karagdagang impormasyon o para makakuha ng mas marami pang mga kopya nito o iba pang mga booklet sa seryeng ito, kontakin ang:**

Foundation for a Drug-Free World
6331 Hollywood Boulevard
Los Angeles, CA 90028 USA

**drugfreeworld.ph • e-mail: info@drugfreeworld.ph**
**Telepono: 1-888 NO TO DRUGS (1-888-668-6378)**

© 2018 Foundation for a Drug-Free World. Sarili Ang Lahat ng Karapatan. Ang logo ng Foundation ay isang tatak-pangkalakal na pagmamay-ari ng Foundation for a Drug-Free World. Item #20841-6-FIL